



## Fact Sheet ukol sa Update sa Mga Istatistika ng Sakit sa Puso at Stroke para sa 2025 Mga Congenital Cardiovascular Defect

Ang mga congenital cardiovascular defect (CCD), na nagmumula sa abnormal o hindi kumpletong formation ng puso, mga valve, at mga blood vessel, ang isa sa mga pinakakaraniwang birth defect sa buong mundo. Iba-iba ang range ng kalalaan ng mga CCD mula maliliit na abnormalidad na kusang gumagaling o hemodynamically insignificant hanggang sa mga kumplikadong malformation, kabilang ang mga nawawala, hypoplastic, o atretic na bahagi ng puso. Malaki ang pagkakaiba-iba sa presentation ng mga CCD, na nagreresulta sa magkakaibang morbidity, pagkamatay, at gastos sa pangangalagang pangkalusugan sa kabuuang haba ng buhay. May ilang uri ng mga CCD na naiuugnay sa mababang kalidad ng buhay katumbas ng nakikita sa iba pang chronic na pediatric na kondisyon sa kalusugan, pati na rin mga kakulangan sa cognitive na pag-function at mga neurodevelopmental na resulta. Gayunpaman, sa pangkalahatan ay tuloy-tuloy ang pagganda ng mga resultang pangkalusugan para sa mga CCD, kabilang ang survival.

Ipinapakita ng National Birth Defects Prevention Network ang average na prevalence ng 29 piling pangunahing birth defect sa pagkapanganak para sa 39 na population-based na surveillance program para sa mga birth defect sa Estados Unidos mula 2010 hanggang 2014. Ipinapakita ng mga data na ito ang mga sumusunod na prevalence: atrioventricular septal defect (0.54 kada 1000 panganganak), coarctation of the aorta (0.56 kada 1000 panganganak), truncus arteriosus (0.067 kada 1000 panganganak), double-outlet right ventricle (0.17 kada 1000 panganganak), hypoplastic left heart syndrome (HLHS; 0.26 kada 1000 panganganak), iba pang single ventricle (0.079 kada 1000 panganganak), interrupted aortic arch (0.062 kada 1000 panganganak), pulmonary valve atresia/stenosis (0.97 kada 1000 panganganak), tetralogy of Fallot (TOF; 0.46 kada 1000 panganganak), total anomalous pulmonary venous connection (0.14 kada 1000 panganganak), at transposition of the great arteries (TGA; 0.38 kada 1000 panganganak).

### Prevalence

- Sa high-income North America, kabilang ang Estados Unidos, ang prevalence ng CCD sa panganganak ay tinatayang 12.3 kada 1000 ayon sa 1990 hanggang 2017 na data.
- Noong 2017, ang prevalence ng CCD sa lahat ng edad sa Estados Unidos ay tinatayang 466 566 indibidwal, kung saan 279 320 (60%) sa mga ito ay <20 taong gulang.

### Bilang ng Pagkamatay

- Ang bilang ng pagkamatay na nauugnay sa mga CCD noong 2022 ay 3213 para sa lahat ng edad.
- Noong 2022, ang age-adjusted na rate ng pagkamatay sa US na maiuugnay sa mga CCD ay 1.0 na pagkamatay kada 100 000 tao, kapareho noong 2012.
- Noong 2022, mga CCD ang pinakakaraniwang sanhi ng pagkamatay ng mga sanggol dahil sa mga birth defect; 23.0% ng mga sanggol na namatay noong 2021 dahil sa birth defect ay may heart defect.

### Mga Salik ng Panganib

Maliban na lang kung iba ang nakasaad, nauugnay sa Estados Unidos ang lahat ng istatistika sa Fact Sheet na ito. Mangyaring sumangguni sa kumpletong Update sa Mga Istatistika para sa mga sanggunian at karagdagang impormasyon para sa mga iniulat na istatistika.

- Mas mataas ang panganib ng mga congenital heart defect sa mga kambal.
- Kabilang sa mga tukoy na panganib mula sa ina ang paninigarilyo sa unang trimester ng pagbubuntis.
- Natukoy bilang salik ng panganib ang exposure sa secondhand smoke.
- Nauugnay rin ang labis na pag-inom ng alak o binge drinking ng ina sa mas mataas na panganib ng mga CCD, at posibleng partikular na mapanganib ang kumbinasyon ng binge drinking at paninigarilyo.

### **Mga Salik ng Panganib (pagpapatuloy)**

- Nauugnay sa mga CCD ang maternal obesity.
- Nauugnay sa mga fetal CCD ang maternal diabetes, kabilang ang gestational at pregestational diabetes.
- Lubos na dokumentado ang folate deficiency bilang panganib sa pagkakaroon ng mga CCD, pero walang nakitang ugnayan sa pagitan ng folate deficiency at mga CCD ang isang kamakailang systematic na pagsusuri.
- Naiugnay sa mga CCD ang mga maternal infection, kabilang ang rubella, hepatitis B virus, coxsackievirus B, at human cytomegalovirus.
- Kabilang sa mga exposure ng ama na nakakapagpataas ng panganib sa mga congenital heart defect ang paternal anesthesia, sympathomimetic medication, mga pestisidyo, at mga solvent.
- Exposure ng ina sa mga teratogen.
- Paggamit ng ina ng ilang antihypertensive agent (mga ACE inhibitor, antiadrenergic agent,  $\beta$ -blocker, calcium channel blocker, diuretic) sa loob ng unang trimester.

### **Mga Ospitalisasyon at Gastos**

- Sa mga pediatric na ospitalisasyon (0–20 taong gulang) noong 2009 at 2012:
  - ◇ Ang mga pediatric na ospitalisasyon para sa mga CCD (4.4% ng kabuuang pediatric na ospitalisasyon) ang bumubuo sa \$6.6 bilyong paggastos sa ospitalisasyon (23% ng kabuuang gastos sa pediatric na ospitalisasyon).
  - ◇ 26.7% ng lahat ng gastos sa CCD ay maiuugnay sa mga kritikal na CCD, kung saan ang pinakamatataas na gastos ay maiuugnay sa HLHS, coarctation of the aorta, at TOF.
  - ◇ Ang mean na gastos para sa mga CCD ay mas mataas para sa mga sanggol (\$36 601) kumpara sa mas matatanda at sa mga may mga kritikal na CCD (\$52 899).

## Mga Congenital Cardiovascular Defect – Fact Sheet ukol sa Mga Istatistika sa 2025

Ang mga fact sheet, infographics, at mga kasalukuyan/dating paglalathala ng Update sa Istatistika ay mada-download mula sa:

[Heart and Stroke Association Statistics | American Heart Association](#) (Website sa Ingles).

Maraming istatistika sa fact sheet na ito ang galing sa mga hindi nailathalang tabulation na pinagsama-sama para sa dokumento ng Update sa Istatistika at maaaring banggitin gamit ang citation sa dokumento na nakalista sa ibaba. Nakalista sa buong dokumento ang mga pinagkunan ng data na ginamit para sa mga tabulation. Dagdag dito, nanggaling sa mga nailathalang pag-aaral ang ilang istatistika. Kung babanggitin mo ang alinman sa mga istatistika sa fact sheet na ito, pakibasa ang buong dokumento ng Mga Istatistika ng Sakit sa Puso at Stroke upang malaman ang mga pinagkunan ng data at orihinal na citation.

Hinihiling ng American Heart Association na banggitin ang buong dokumento na gaya ng sumusunod:

Martin SS, Aday AW, Allen NB, Almarzooq ZI, Anderson CAM, Arora P, Avery CL, Baker-Smith CM, Bansal N, Beaton AZ, Commodore-Mensah Y, Currie ME, Elkind MSV, Fan W, Generoso G, Gibbs BB, Heard DG, Hiremath S, Johansen MC, Kazi DS, Ko D, Leppert MH, Magnani JW, Michos ED, Mussolino ME, Parikh NI, Perman SM, Rezk-Hanna M, Roth GA, Shah NS, Springer MV, St-Onge M-P, Thacker EL, Urbut SM, Van Spall HGC, Voeks JH, Whelton SP, Wong ND, Wong SS, Yaffe K, Palaniappan LP; sa ngalan ng Komite sa Mga Istatistika at Komite sa Mga Istatistika ng Stroke ng Konseho sa Epidemiyolohiya at Pag-iwas ng American Heart Association. Mga istatistika ng sakit sa puso at stroke sa 2025: isang ulat mula sa American Heart Association tungkol sa data mula sa US at buong mundo. *Circulation*. Na-publish online noong Enero 27, 2025.

Pakidirekta ang lahat ng tanong ng media sa Departamento ng News Media Relations sa <http://newsroom.heart.org/newsmedia/contacts> (Website sa Ingles).

Maliban na lang kung iba ang nakasaad, nauugnay sa Estados Unidos ang lahat ng istatistika sa Fact Sheet na ito. Mangyaring sumangguni sa kumpletong Update sa Mga Istatistika para sa mga sanggunian at karagdagang impormasyon para sa mga iniulat na istatistika.

©2025 American Heart Association, Inc. Nakalaan ang lahat ng karapatan. Ipinagbabawal ang hindi awtorisadong paggamit.